Pangalan:_______________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula:__________________ Petsa Nang Natapos:______________ Marka:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pinagmulan ng Pilipinas Batay sa Mito**

**PANUTO:** Punan ang mga patlang upang makumpleto ang mitong nakalahad sa ibaba. Piliin ang iyong sagot sa loob ng kahon.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Mito | oral | B'laan | Buswit | Manaul | Angalo |
| Samtoy | nahati | Kaptan | prutas | | |
| pulo | sombrero | Angarab | etnolingguwistiko | Magauayan | |

Ang iba't ibang pangkat _________________ na nakatira sa Pilipinas ay mayroong sari-sariling paliwanag kung paano nagsimula o nabuo ang kapuluan. Tulad ng iba pang mga kuwento ng mga sinaunang Pilipino, ang mga mito ay naipasa hanggang sa kasalukuyan sa pamamagitan ng tradisyong _________________ o pagkukuwento.

Ayon sa mga Ilokano na nakatira sa hilagang bahagi ng Luzon, ang Pilipinas ay dating isang malaking lupain na ang tawag ay _________________. Naninirahan sa Samtoy ang mag-asawang higante na nagngangalang _________________ at _________________. Sa pag-aaway nila ay unti-unting _________________ sa mga pulo ang kalupaan ng Samtoy. Dahil sila ay mga higante ay malalakas ang kanilang yabag at sigaw. Matapos ang kanilang away ay naging kapuluan ang Samtoy na kalaunan ay naging Pilipinas.

Ayon naman sa mga Bisaya, ang daigdig noong sinaunang panahon ay katubigan at kalangitan lamang. Mayroong isang ibon na rito ay palipad-lipad na ang pangalan ay _________________. Ang kalangitan ay tirahan ng diyos ng hangin na si _________________ habang sa katubigan nakatira si _________________, diyos ng karagatan. Isang araw, ang ibong si Manaul ay tuluyan nang napagod sa walang tigil na paglipad. Siya ay nakaisip ng paraan kung paano magkakaroon ng mapagpapahingahan. Pinag-away ng ibon sina Kaptan at Maguayan. Sa alitang ito, pilit na hinahampas ng diyos ng karagatan ang kalangitan ng malalaking alon. Bilang ganti, hinahagisan ng diyos ng kalangitan ang karagatan ng mga tipak ng bato. Ang mga batong ito ay nabuo bilang mga _________________. Ang mga pulo na ito ang bubuo sa kapuluan ng Pilipinas. Dito namahinga at namugad ang ibon at ang pag-aaway ng kalangitan at karagatan ay tuluyan nang natigil.

Naniniwala naman ang mga _________________ ng Mindanao na ang mga kapuluan ng Pilipinas ay nagsimula sa isang pulo na kasing laki lamang ng isang _________________. Sa pulong ito naninirahan ang apat na nilalang na ang pangalan ay Melu, Fieweigh, Diwata, at Saweigh. Walang anumang halaman o hayop ang makikita sa pulo na ito maliban sa ibong si Buswit. Isang araw, inutusan ng apat ang ibong si _________________ upang manggalugad. Sa pagbabalik ng ibon ay mayroon itong dalang lupa, rattan, at ilang prutas. Kinuha ni Melu ang lupa at pinapalo niya ito gamit ang rattan at matapos ay tinamnan ng buto mula sa mga _________________. Tumubo ang mga halaman sa lupa na kalaunan ay naging mayabong na kagubatan. Dito nagsimula ang mayabong at mayamang mga kagubatan ng kapuluan ng Pilipinas.

Mahalaga na ikuwento pa rin sa kasalukuyang ang mga _________________ tungkol sa pagsisimula at pagkakabuo ng Pilipinas. Ang mga ito ay bahagi ng mayamang kultura at panitikan ng Pilipinas. Mula man ito sa iba't ibang pangkat etnolingguwistiko sa bansa ay kasama ang lahat ng ito sa mga kuwento ng lahing Pilipino.